



Seattle Office of Labor Standards

Office of Labor Standards (OLS, Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa) ng Seattle – Ang Aming Mga Obligasyon sa Mga Komunidad ng Immigrant at Refugee

Pinoprotektahan ng OLS ang Mga Karapatan ng Refugee at Immigrant

Nakatuon ang Office of Labor Standards (OLS) ng Seattle sa paglilingkod sa lahat ng manggagawa at negosyo sa Seattle para maiangat ang mga pamantayan sa paggawa sa Lungsod ng Seattle. Laganap at hindi ganap na naiuulat ang pagnanakaw sa sweldo ng mga manggagawang immigrant at refugee. Naghahatid ang OLS ng mga libreng serbisyo sa lahat ng tao, anuman ang kanilang katayuan sa immigration. Kabilang sa mga serbisyong ito ang pagsisiyasat sa mga posibleng paglabag sa mga pamantayan ng paggawa, pagsasagawa ng outreach sa mga manggagawa at negosyo, at pagbibigay ng mga madudulugan at rekomendasyon.

Mahalagang impormasyon para sa mga komunidad ng immigrant at refugee sa Seattle:

- ❖ Hinding-hindi magtatanong ang OLS tungkol sa katayuan sa immigration, at hindi ito nanghihingi ng dokumentasyon ng katayuan sa immigration.
- ❖ Nag-aalok ang OLS ng mga libreng interpretasyon at pagsasalin ng wika.
- ❖ Ang OLS ay isang departamento sa Lungsod ng Seattle, na hiwalay sa, at hindi nagbabahagi ng impormasyon sa, pederal na pamahalaan.

Mainit ang pagtanggap sa Lungsod ng Seattle dahil naniniwala kami sa pagbubuklod at pagkakapantay-pantay. Hindi nagtatanong ang mga empleyado ng Lungsod tungkol sa katayuan ng pagkamamamayan at naglilingkod sila sa lahat ng residente anuman ang katayuan sa immigration. Malugod na tinatanggap dito ang mga immigrant at refugee.

Pinoprotektahan ng OLS ang Mga Karapatan ng Manggagawa

Saan ka man nakatira, kung **nagtatrabaho** ka sa Seattle, **kabilang sa iyong mga karapatan sa mga pamantayan sa paggawa ang:**

- Karapatang kumita ng hindi bababa sa minimum na sahod sa Seattle;
- Karapatang mabayaran para sa bawat oras ng iyong pagtatrabaho;
- Karapatang magkaroon ng bayad na oras para sa sakit kung may sakit ka o ang isang miyembro ng iyong pamilya at hindi ka makakapasok sa trabaho;
- Karapatang mag-ulat sa OLS kung sa palagay mo ay nilabag ng iyong employer ang mga karapatan mo; at
- Karapatang panatilihin pribado ang iyong pangalan at impormasyon kung mag-uulat ka sa OLS o makikilahok ka sa isang pagsisiyasat.

810 Third Avenue, Suite 375, Seattle, WA 98104-1627

Tel: (206) 256-5297, Fax: (206) 684-3422, TYY (206) 684-4503, website <http://www.seattle.gov/laborstandards>

Isang employer para sa pantay na pagkakataon. Nagbibigay ng mga tulong para sa mga taong may kapansanan at serbisyo sa interpretasyon ng wika kapag hiniling.

Pinoprotektahan ng OLS ang Mga Manggagawa mula sa Paghihiganti

Pinoprotektahan ng mga batas ng Seattle ang mga manggagawang mag-uulat ng mga paglabag sa mga pamantayan sa paggawa mula sa paghihiganti. **Ilegal na gumanti ang isang employer laban sa isang manggagawa sa mga sumusunod na paraan:**

- Pagpapaalam o pagbabanta na ipapaalam sa mga awtoridad ng immigration na hindi dokumentado ang isang manggagawa o kanyang miyembro ng pamilya;
- Paghahain ng hindi makatotohanang ulat sa isang ahensya ng pamahalaan; at
- Pagsisisante o pag-demote sa isang manggagawa.

Hindi man magagarantiya ng OLS na hindi makakaranas ng paghihiganti ang isang manggagawa nang dahil sa pakikipag-ugnayan sa amin kaugnay ng reklamo sa mga pamantayan sa paggawa, nagpapataw kami ng mga multa sa mga employer na gaganti sa mga empleyado. **Kung sa tingin mo ay nakaranas ka ng paghihiganti o paglabag sa mga pamantayan sa paggawa, o kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong mga karapatan, makipag-ugnayan sa OLS sa: 206-256-5297, workers.laborstandard@seattle.gov, o <http://www.seattle.gov/laborstandards/investigations/file-a-complaint>**

Kung isa kang may-ari ng negosyo na may mga tanong tungkol sa pagsunod sa mga pamantayan sa paggawa, makipag-ugnayan sa OLS sa: 206-256-5297 o business.laborstandards@seattle.gov.

Nakikipagkontrata rin ang OLS sa mga organisasyon ng [komunidad](#) at [negosyo](#) para makapagbigay ng outreach at tulong sa mga pamantayan sa paggawa. Kung hindi ka kumportableng makipag-ugnayan nang direkta sa OLS, maaari kang makipag-ugnayan sa isa sa aming mga kasosyo kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong mga karapatan o obligasyon.

Mga Karagdagang Madudulugan

Para sa mga empleyado at negosyong naghahanda para sa isang pagkilos sa pagpapatupad ng immigration sa isang pinagtatrabahuhan:

- [What to Do If Immigration Comes to your Workplace \(Ang Dapat Gawin Kung Pumunta ang Immigration sa Iyong Pinagtatrabahuhan\)](#) (available sa English, Spanish, Thai, Korean, at Chinese), na ginawa ng National Immigration Law Center at National Employment Law Project (Pambansang Proyekto para sa Batas sa Pagtatrabaho); at
- [Guidance Concerning Immigration Enforcement \(Gabay Kaugnay ng Pagpapatupad ng Immigration\)](#), na ginawa ng Attorney General ng Washington.

Para sa mga nakatanggap ng DACA

- [Webpage ng DACA](#) ng Office of Immigrant and Refugee Affairs (Tanggapan ng Ugnayan sa Immigrant at Refugee) ng Lungsod ng Seattle, kung saan makikita ang pangunahing impormasyon at mga libreng kaganapan para sa tulong sa DACA (Deferred Action for Childhood Arrivals, Ipinagpalibang Pagkilos para sa Mga Dumating Noong Bata Pa) na isinasagawa ng mga kasosyong komunidad ng Lungsod sa at sa paligid ng Seattle.
- [Madudulugang page para sa DACA](#) ng Northwest Immigrant Rights Project (Proyekto para sa Mga Karapatan ng Immigrant sa Hilagang-Kanluran); at
- [Kapaki-pakinabang na link page](#) ng pambansang organisasyon na Here to Stay, kabilang ang payo ukol sa pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga pamantayan sa paggawa ng Seattle at sa iyong mga karapatan, makipag-ugnayan sa OLS sa workers.laborstandards@seattle.gov, o tumawag sa 206-256-5297.

810 Third Avenue, Suite 375, Seattle, WA 98104-1627

Tel: (206) 256-5297, Fax: (206) 684-3422, TYY (206) 684-4503, website <http://www.seattle.gov/laborstandards>

Isang employer para sa pantay na pagkakataon. Nagbibigay ng mga tulong para sa mga taong may kapansanan at serbisyo sa interpretasyon ng wika kapag hiniling.